## APPLICATION

- Sa anong paraan ka makapaglilingkod sa Diyos at sa Kanyang mamamayan? Ano ang maaaring pumipigil sa iyo upang makapaglingkod at ano ang iyong gagawin tungkol dito?
- Bakit ka naglilingkod? Sino ang tumatanggap ng karangalan at kaluwalhatian sa tuwing ikaw ay naglilingkod?
- Kanino mo maaaring ibahagi ang ebanghelyo ngayong linggo? Paano mo mapaglilingkuran at madadala sa Diyos ang taong ito?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa kung paano Niya tayo pinaglingkuran sa pamamagitan ng pagpapadala ng Kanyang Anak upang iligtas tayo sa ating mga kasalanan. Pasalamatan din Siya sa pagkakataon na makapaglingkod sa Kanya.
- Ipanalangin na Siya ay iyong mapaglingkuran ng may pagpapakumbaba at dedikasyon. Ipanalangin na ikaw ay laging magtaglay ng malinis na puso na nakatuon sa Diyos at hindi sa tao.
- Ipanalangin na ikaw ay mas magkaroon ng mga pagkakataon na maglingkod sa Kanya, at na ikaw ay makapaglingkod sa ibang tao upang maakay mo sila palapit sa Kanya.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph

DARE TO BELIEVE



# Pananampalataya na Makapaglingkod

## NOTES

## WARM-UP

- Ano ang isa sa mga pinakamahirap na ginawa mo para sa isang kaibigan? Bakit mo ito ginawa?
- Gusto mo ba na ikaw ang nagsisimula ng isang pag-uusap? Bakit oo o bakit hindi?
- Magbahagi tungkol sa isang tao na iyong hinahangaan. Bakit mo siya hinahangaan?

**WORD**

*[15]. . . nauhaw siya. Sinabi niya, "Mabuti sana kung may kukuha sa akin ng tubig na maiinom doon sa balon malapit sa pintuang bayan ng Betlehem." [16]Kaya palihim na pumasok ang tatlong matatapang na iyon sa kampo ng mga Filisteo, malapit sa pintuang bayan ng Betlehem. Kumuha sila ng tubig sa balon at dinala ito kay David. Pero hindi ito ininom ni David, sa halip ay ibinuhos niya ito bilang handog sa Panginoon.* **2 SAMUEL 23:15,16**

(Basahin din ang **2 SAMUEL 23:1-14.**)

---

Ang paglilingkod ay isang paraan ng pagpapahayag ng ating debosyon sa Diyos. Ang tatlong matatapang na mga naglilingkod kay David ay gumawa ng paraan upang tuparin ang kanyang kahilingan, kahit na ang pagpasok sa kampo ng mga Filisteo ay mapanganib at maaaring humantong sa kanilang kamatayan. Ginawa nila ito upang ipakita ang kanilang debosyon at paglilingkod sa kanilang hari. Sa araling ito, ating titignan kung paano natin maipakikita ang ating debosyon sa ating Hari sa pamamagitan ng paglilingkod.

## 1 Maglingkod sa kabila ng iyong kalagayan.

*Sumama na rin kay David ang mga taong nababahala, lubog sa utang, at hindi kontento sa buhay. Umabot sa 400 ang kanilang bilang at si David ang naging pinuno nila.* **1 SAMUEL 22:2**

Ang mga matatapang na lingkod ni David ay hindi nagsimulang matatapang. Sila ay mga nababahala, lubog sa utang, at hindi kontento sa buhay—subalit sila ay naging matatapang na mga kalalakihan na naglingkod sa kabila ng kanilang kalagayan sa buhay. Dahil sa kung sino ang Diyos sa ating buhay at sa Kanyang ginawa para sa atin, magagawa nating maglingkod ng buong katapatan, anuman ang ating mga pinagdaraanan. Ang mga humahadlang sa atin ay maaaring maging daan upang tayo ay makapaglingkod sa Diyos. Ayon sa Bibliya, sino ang nagbibigay ng kalakasan upang tayo ay makapaglingkod sa Diyos? (1 Pedro 2:11)

## 2 Maglingkod ng kusang-loob.

*Kaya palihim na pumasok ang tatlong matatapang na iyon sa kampo ng mga Filisteo, malapit sa pintuang bayan ng Betlehem. Kumuha sila ng tubig sa balon at dinala ito kay David. Pero hindi ito ininom ni David, sa halip ay ibinuhos niya ito bilang handog sa Panginoon.* **2 SAMUEL 23:16**

Walang nagsabi sa mga matatapang na lingkod ni David na kumuha ng tubig para sa kanya, subalit ginawa pa rin nila ito. Gayon din naman, ang ating paglilingkod ay bunga ng nag-uumapaw na pasasalamat sa Diyos. Sa paanong paraan ka naglilingkod? Bakit mo ito ginagawa?

## 3 Maglingkod para sa karangalan ng Diyos.

*. . . Pero hindi ito ininom ni David, sa halip ay ibinuhos niya ito bilang handog sa Panginoon.* **2 SAMUEL 23:16**

Bagama't ang mga matatapang na kalalakihang ito ay naglilingkod kay David, kinilala niya na ang kanilang ginawa ay isang handog para sa Panginoon. Bagama't ang ginagawa nating paglilingkod ay hindi nakikita o kinikilala ng iba, ginagawa natin ito dahil gusto nating parangalan ang Diyos sa pamamagitan ng ating oras, kakayahan, at kayamanan.